Ang **PADEPA** at ang **G**awaing **E**dukasyon ng **LFS**

Gabay sa Gawaing Edukasyon at Pagtuturo sa Ilalim ng PADEPA

League of Filipino Students
www.lfs.ph
lfsphilippines@yahoo.com

November 2007

Inamyendahan at pinagtibay ng
Ika-16 na Pambansang Kongreso
Oktubre 21-25, 2007,
Barotac Viejo, Iloilo

ANG PADEPA AT ANG GAWAING EDUKASYON NG LFS

Mahalaga sa mga pambansa demokratikong organisasyong masa ng kabataan katulad ng League of Filipino Students ang malawak, tuloy-tuloy at sistematikongedukasyon. Tinitiyak nito ang mahigpit na kaisahan ng mga kasapi at masang estudyante sa linya, pagsusuri at pangkalahatang layunin at programa ng pambansa demokratikong pakikibaka.

Inaarmasan nito ng wastong pagsusuri sa mga isyung bayan at sa katangian ng kabuuang lipunang malakolonyal at malapyudal ang mga kasapi at masa, itinataas ang kanilang kamulatang pampulitika, kahandaan at kakayanang kumilos. Tinitiyak nito ang wastong direksyon ng pagkilos ng organisasyon, mga kasapi at masang pinamumunuan nito.

ANG PAMBANSA DEMOKRATIKONG PAARALAN O PADEPA

Sa ganitong diwa itinatayo ang Pambansa Demokratikong Paaralan o PADEPA. Ito ay ang pampulitikang paaralan ng LFS na nagtitiyak sa sustenido, masigla at malaganap na pag-aaral sa pambansa demokratikong linya at programa sa buhay na paraan.

Tulad ng isang silid-aralan, ang PADEPA ay binubuo ng mahahalagang bahagi: 1) masinsin at kumprehensibong plano, 2) mga kursong tumatalakay sa particular na mga paksa, at 3) makinarya.

Plano
Ang plano sa edukasyon ang nagsisilbing haligi, dingding at bubong ng PADEPA. Para matiyak na ito ay matibay, kinakailangang ito ay masinsin at kumprehensibo. Nararapat lamang na ito ay naka-ayon sa kabuuang direksyon/plano at sa mga partikular na pangangailangan ng balangay at buong organisasyon. Tulad ng binabalangkas na plano sa iba pang linya ng gawain, dapat tiyak ang mga layunin, may maaayos na phasing na lumulundo sa isang panahon at mga makinarya na dapat buuin at pakilusin.

B. Paglalagom sa Gawaing Pagtuturo

Ito ang pana-panahon, mas masaklaw at mas komprehensibong pagsusuri sa mga pagsulong na nakamit sa kampanya ng paglulunsad ng PADEPA at sa mga problemang bumabara sa mahusay na paggulong nito. Layunin ng paglalagom na hanguin ang mahahalagang aral mula sa mga karanasan sa gawaing pagtuturo sa PADEPA at itakda ang tiyak na mga hakbang para lutasin ang natukoy na mga problema at iba pang mga usapin upang sa gayon ay maiangat sa mas mataas na antas ang gawaing ito.

Ito ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng kumperensya na ipatatawag ng Pambansang Opisyal sa Edukasyon at dadaluhan ng mga instruktor ng PADEPA at mga opisyal sa edukasyon ng mga balangay at pormasyon. Ito ay magsisilbing mahalagang porum para sa pagpapalitan ng mga karanasan sa pagitan ng mga tagapangasiwa sa gawaing edukasyon.

Mga Kurso

Ang mga kurso o ang kurikulum ng PADEPA ang siyang tumatayong pisara at mga aklat, ito ang nagsisilbing daluyan para maipasa ang mga tipon na kaalaman sa kasapian at masa. Ang bawat kurso ay may sariling layunin at hangganan ng paksang tatalakayin. Ang kurikulum ng PADEPA ay hindi eklektiko, ito ay sistematiko. May sinusundan itong daloy para sa papalalim at papalawig na pag-unawa sa isang ideya o paksa.

Makinarya

Hindi gagana ang PADEPA kung wala itong sariling makinarya, tulad na lamang ng silid-aralan, wala itong buhay kung walang guro at mga magaaral. Sa ilalim ng PADEPA, ang balangay at buong organisasyon ang siyang kabuuang makinarya para sa PADEPA. Ngunit nangangailangang magtalaga ng mga partikular na kasapi na mangangasiwa sa araw-araw na pagtitiyak na natutupad ang plano at napapaunlad ang mga kurso. Ito ay walang iba kundi ang mga opisyal sa edukasyon, komite sa edukasyon at iba pang tutukuying bahagi ng kwerpo ng mga instruktor. Ang komite rin ang siyang nagsisinop sa mga gamit pang-edukasyon ng balangay.

ANG KURIKULUM NG PADEPA

Sa pamamagitan ng PADEPA, nagkakaroon ng sistematikong programa ng pagaaral na magtataas ng pampulitikang kamulatan ng mga kasapi at masa ayon sa praktikal na pakikibaka ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan.
Tinitiyak nitong hindi tayo nagkakasya lamang sa pana-panahong pag-aaral ng pambansang sitwasyon at mga isyu sa mababaw na paraan. Tinitiyak nitong hindi lamang tayo nagpapatangay sa mga kasalukuyang pakulo ng reaksyunaryong mass media at mga hindi mapagkakatiwalaang mga alyado. Palaging malinaw sa atin ang interes ng sambayanan para sa tuloy-tuloy na pagsusulong ng pambansa demokratikong pakikibaka.

Batay sa mga pag-aaral na binigyang diin ni kasamang Jose Ma. Sison sa kanyang talumpating Tasks and Prospects of the Filipino Youth, hinati natin ang kurikulum ng PADEPA ng League of Filipino Students sa mga bahagi:

Youth Orientation

Sa mga serye ng mga pag-aaral na ito hinggil sa papel at oryentasyon ng kabataan sa pambansa demokratikong pakikibaka, magkakaroon ng batayang pagunawa ang mga kasapi sa oryentasyon ng LFS bilang isang pambansa demokratikong organisasyong masa ng kabataang-estudyante sa balangkas ng buong kilusang kabataan at mamamayan. Tampok dito ang mga sumusunod:

- Pangkalahatang Oryentasyon at Tungkulin ng LFS
- *Tasks and Prospects of the Filipino Youth*

- *Tasks of the 2nd Propaganda Movement*
- *Student Power?*
- *Youth on the March*
- *National Democracy and the Political Activist*
- *National Democracy and the Labor Movement*
- Mga Mensahe ni Prof. Jose Ma. Sison sa LFS
- Hinggil sa Kilusan ng Kabataan
- Hinggil sa Kilusang Magsasaka
- Hinggil sa Kilusang Kababaihan

Isyung Bayan

Naglilinaw ang mga pag-aaral na ito sa mga tampok at napapanahong isyu ng kabataan at mamamayan. Iginuguhit ang matatalas na pagsusuri at tugon, inaarmasan ng pambansa demokratikong linya ang mga kasapi at masa sa pagharap sa mga usapin.

- Mga praymer sa mga isyu ng paaralan, sektor at kampanyang bayan
- Hinggil sa Kolonyal, Komersyalisado at Represibong Katangian ng Edukasyong Pilipino

Lipunan at Rebolusyong Pilipino

Tampok dito ang tatlong araw na kurso na ibinalangkas ni Amado Guerrero na nagpapalalim sa kasaysayan ng pakikibaka ng mamamayan, mga batayang katangian at suliranin ng malakolonyal at malapyudal na lipunan, at pambansa demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba bilang nararapat na tugon ng mamamayan. Palalalimin ng mga kursong bahagi dito ang batayang pag-unawa sa lipunan at pakikibaka ng mamamayan.

- Lipunan at Rebolusyong Pilipino (LRP)
- Maikling Kurso sa Lipinan at Rebolusyong Pilipino (MKLRP)
- Hinggil sa Malapyudalismo
- Rebolusyong Pilipino: Tanaw Mula sa Loob
- Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan
- Ang Mahigpit Nating mga Tungkulin
- Dalawang Yugtong Rebolusyon
- Programa ng Pambansa Demokratikong Rebolusyon
- Moda ng Produksyon ng Lipunang Pilipino

Modernong Imperyalismo at Pakikibaka para sa Sosyalismo

Bilang isang anti-imperyalistang liga, dapat na mabilis na maunawaan ng bawat kasapi ng LFS ang modernong imperyalismo. Kailangang labanan ang pinakamalaking salot na ito sa sangkatauhan at ibagsak ito sa pamamagitan ng pakikibaka para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo.

ng mag-aaral. Isinasagawa dito ang pagpupuna at pagpuna-sa-sarili gamit na batayan ang katitikan ng pag-aaral. Maaaring isa-isang magsalita upang ihayag ang matitingkad na epekto ng naidaos na pag-aaral, ang opinyon sa nilalaman ng kurso, at mga puna at mungkahi sa pamamaraan ng instruktor sa pagtuturo. Maaring ipatukoy ang mga bahaging malabo pa o hindi pa lubos na naintindihan. Bilang pagsasara, binubuod ng instruktor ang mahahalagang puntong lumitaw, ang aktwal na panahong ginugol sa pag-aaral at ang pangkalahatang ebalwasyon sa pagkakamit ng layunin ng pag-aaral.

b. Pagtatasa sa hanay ng mga instruktor

Malalim na pagsusuri sa naging paghahanda ng mga instruktor at ang kabuuang pagkondukta ng katatapos na pag-aaral. Ang resulta ng pagtatasa ay gabay ng instruktor para itaas ang antas ng kanilang pagtuturo sa susunod na pag-aaral. Ginagamit na batayan nito ang resulta ng kolektibong pagtatasa kasama ang mag-aaral upang matukoy ang mga lumitaw na puntong kailangang saliksikin at palalilmin ang pag-aaral at mga pamamaraan na kailangang ibayong paghusayin.

Tinatasa dito ang:

- paghahanda ng bawat instruktor,
- ang mga tanong at kung paano sinagot,
- mga puntong naiwang bitin o kailangang iwasto;
- kung paano nagtulungan ang mga instruktor, ang paggagap ng bawat instruktor sa paksa at pagtukoy ng mga sanggunian;
- ang bisa ng pamamaraan sa pagtuturo at ang mga pantulong sa pagtuturo gaya ng biswal; at
- ang teknikal na bahagi ng paghahanda at mismong pag-aaral.

IV. PATULOY NA PAGPAPAUNLAD NG GAWAING INSTRUKSYON

A. Ang Pag-uulat ng Isinagawang Pag-aaral

1. Halaga ng pag-uulat matapos ang kabuuang pag-aaral

a. Nagsisilbi itong batayan ng higit pang pagpapaunlad ng kurso sa pamamamagitan ng pagtatasa at nagsusuma ng mga inilulunsad na pagaaral sa kursong ito;
b. Susi ito sa mutwal na pagtitiwala at mulat na pagpapatupad ng pagaaral;
c. Ginagamit itong sanggunian sa pagbabalik-aral ng mga mag-aaral at instruktor sa patuloy na pag-aaral.

2. Ang nilalaman ng ulat

a. Katitikan
b. Pagtatasa ng pag-aaral
c. Pagtatasa ng instruktor o yunit na naglunsad nito

paksa ayon sa balangkas nito. Kailangan ng maikling pagpapasada sa naging dinaloy ng talakayan at muling pagdidiin sa mahahalagang puntong nalinaw at lumitaw. Maaaring magbato ang instruktor ng mga katanungang naglalayong sukatin ang pangkalahatang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa kabuuang paksa. Ito ang maghuhudyat ng pagbubukas ng bagong paksa.

3. Ang Pagsasara ng Pag-aaral sa Kurso
Matapos ang pagtalakay sa lahat ng paksang nakapaloob sa kurso, maaari nang pormal na isara ang pag-aaral sa naturang kurso. Dito nagsasariwa sa kabuuang dinaloy ng talakayan sa kurso, ang maikling pagpapasada sa balangkas ng kurso at sa ugnayan ng mga paksa, at ang pagtaya kung nakamit ang layunin ng pagaaral.

D. Ang Pagtatasa

1. Ang Pagtatasa
Ito ay ang ebalwasyon ng lahat ng naganap sa pag-aaral mula sa pagpaplano, paghahanda at pagsasara ng pag-aaral. Sinusuri nito kung natugunan o hindi ang layunin ng buong pag-aaral. Tinitingnan din ang mga lumalabas na kahinaan at kalakasan ng ginawang pag-aaral sa layuning iwasto o punuan ang una at higit na paunlarin ang huli. Dito nakokonsolida ang positibong mga bagong karanasan at maagap na natutukoy ang mga kahinaan

2. Pasasagawa ng Pagtatasa
Ginagawa ito sa pagbalik sa layuning itinakda sa pag-aaral bilang panukat sa ebalwasyong isasagawa at pag-alam kung naging sapat o hindi ang mga isinagawa upang matugunan ang layunin. Sinisimulan ito sa pamamagitan ng paglalahad ng obserbasyon sa lahat ng naihanay sa itaas. Mula sa mga obserbasyon, sinusuri ang dahilan kung bakit at paano naging ganoon ang obserbasyon. Sa puntong ito, nagkakaroon ng mga pagpuna at paliwanag sa mga puna hanggang sa maabot sa pagkakaisa sa pagtingin sa nailunsad na pag-aaral. Mula sa mga kahinaan at kalakasang lumabas sa mga puna, nilalagom ang mga aral upang maging batayan ng bubuuing resolusyon at rekomendasyon at upang maging gabay sa susunod na pag-aaral.

3. Ang mga Usaping Dapat Diinan sa Pagtatasa
a. Paghahanda sa pag-aaral ng instructor, mag-aaral at mga teknikal na aspeto;
b. Aktwal na pag-aaral, daloy ng talakayan, laman ng kurso at partisipasyon ng mga mag-aaral

4. Ang Dalawang Antas ng Pagtatasa

a. Kolektibong pagtatasa ng instruktor at mga mag-aaral
Tinatasa ang naging paghahanda ng mga instruktor at mag-aaral para sa pag-aaral, sa pagkamit ng layunin ng pag-aaral, sa pamamaraan ng instruktor, at sa partisipasyon

- Kurso Hinggil sa Imperyalismo
- *On Monopoly Capitalist Globalization*
- *Imperialism, the Highest Stage of Capitalism (Lenin)*
- *Contradictions in the World Capitalist System and the Prospects of Socialism*
- *On the U.S. Military-Industrial Complex*
- *On Imperialist Ideological Offensive*
- Hinggil sa Sosyalismo
- *Socialism: Utopian and Scientific*

Paglalantad sa Repormismo, Modernong Rebisyunismo at mga Kontrarebolusyunaryo
Upang maging mahigpit ang paninindigan sa pambansa demokratikong pakikibakang may sosyalistangperspektiba, kailangang ilantad at labanan ang pagtataksil ng mga repormista at rebisyunista sa kilusan para pambansang demokrasya at sosyalismo.

- *Stand for Socialism Against Modern Revisionism*
- *Reaffirm Our Basic Principles and Rectify Our Err*ors
- Paglalantad sa mga maling linya ng mga taksil sa kilusang pambansa demokratiko
- Paglalantad sa mga peti-burgis na linya ng repormiso, NGOismo, popdemismo, pluralismo, socdemismo

Marxismo-Leninismo-Maoismo
Sa mga nagnanais na makamit ang pinakamataas na antas ng anti-imperyalistang pampulitikang edukasyon, dapat mag-aral ng diyalektikong materyalismo, istorikong materyalismo, pampulitikang ekonomiya ng kapitalismo at sosyalismo, at estratehiya at taktika ng rebolusyon sa pamamagitan ng pagbabalik-aral sa mga pakikibaka ng proletaryado sa daigdig.

- Araling Aktibista
- Limang Gintong Silahis
- *Marxism-Leninism-Mao Zedong Thought as Guide to Philippine Revolution*
- Hinggil sa Praktika
- Hinggil sa Kontradiksyon
- Istorikong Materyalismo
- Istilo ng Pamumuno at Paggawa
- Manipesto ng Partido Komunista
- Estado at Rebolusyon

Hinggil sa Pambansa Demokratikong Rebolusyon sa Kultura
Naglilinaw sa pangangailangan ng pagpapalaganap ng bagong kultura; isang kulturang nagtatakwil sa kolonyal at pyudal na kultura at nagtataguyod ng kulturang sang-ayon sa layunin at programa ng pambansa demokratikong pakikibaka.

- *Revolutionary Aesthetics*
- *Mao On Art and Literature*
- Mga akda, awit, tula at iba pang likhang-sining ng pambansa demokratikong pakikibaka ng mamamayan

PAPEL NG BALANGAY SA PAGTATAGUYOD NG PADEPA

Dapat magbalangkas ang bawat balangay ng LFS ng programa nito sa edukasyon sang ayon sa PADEPA. Sa mga balangay, bilang batayang yunit ng organisasyon pangunahing pinapatupad ang PADEPA. Kaya naman dapat ay mayroon itong palaging mga plano at pamamamaraan ng pag-aaral.

Sa pagtatayo pa lamang ng balangay, sa antas KPB, agad na itong nagbabalangakas ng plano at programa sa pag-aaral. Mahalaga na sa pagtatayo o bago pa man maitayo ang balangay, gagap ng mga kasapi nito ang mga batayang oryentasyon at paninindigan ng LFS bilang isang pambansa-demokratikong organisasyong masa ng kabataang estudyante. Ito ang magtitiyak ng mahigpit na kaisahan sa mga kasapi at magiging pundasyon ng balangay.

Kaya naman sa antas KPB pa lamang, nagtatalaga na ng PADEPA o ED officer upang magtiyak na nakakakuha ng edukasyong pampulitika ang mga kasapi nito. Agad-agad, batay sa kakayanan at pangangailangan, nagtatayo ng komite sa edukasyon para magtiyak ng gawain sa pampulitikang edukasyon ng mga kasapi.

Kailangang magkaroon ng masinsin, sustinido, at sistematikong plano ang mga balangay sa pagpapatupad ng PADEPA. Dapat ay batid ng bawat isang kasapi ng balangay ang kahalagahan ng gawain sa edukasyon at masiglang lumalahok dito. Magagawa ito sa pamamagitan ng agad na pagpapakilala sa mga kasapi sa PADEPA at sa layunin nito. Gayundin, dapat masinsing pinagpaplanuhan sa mga Pangkalahatang Asembliya (General Assembly) ng balangay ang gawain sa edukasyon. Sa pagitan ng mga pangkalahatang asembliya, tinitiyak ng komiteng tagapagpaganap, sa pamamagitan ng komite sa edukasyon na naipapatupad ng matagumpay ang mga planong pag-aaral.

Dapat ay nangununa ang mga lider ng balangay (hal. tagapangulo, pangalawang tagapangulo, pangkalahatang kalihim, opisyal sa ED) sa masiglang pag-aaral ng balangay. Dapat silang kakitaan ng kasigasigan at pagkukusa sa pag-aaral at gayundin sa pagtuturo. Dahil sa gagap at unawa nila ang kahalagahan ng gawain sa edukasyon, sila ang pangunahing magtutulak ng mga pag-aaral sa balangay.

Tuloy-tuloy din dapat ang pagsasanay ng paparaming bilang ng instruktor para sa PADEPA. Kasabay ng pagpapatapos ng mga pag-aaral, dapat ay sapat din ang bilang ng mga may kakayanang magturo. Dapat magkaroon ng kwerpo ng instruktor ang

at mag-aaral sa patuloy nilang pag-aaral. Habang tinatalakay ng isang instruktor ang isang paksa, ang ibang instruktor ang siyang gumagawa ng katitikan.

Dapat lamanin nito ang oras ng pagsisimula at pagtatapos ng sesyon ng pagaaral sa buong kurso, pangunahing mga puntong natalakay na wala sa teksto o sa plano sa pagtuturo, mga tanong ng mga mag-aaral at kung paano sinagot ng mga instruktor ang bawat isa, mga mayor na ideyang naiaambag ng mga magaaral at iba pang mahahalagang impormasyon at obserbasyon na may malaking kabuluhan sa isasagawang pagtatasa.

Dapat maging simple lamang ang katitikan, hindi kailangang maging detalyado. Tiyakin lamang na wasto ang mga naitatala at masinop ang pagkakagawa.

C. Aktwal na Pagtuturo

1. Paano Binubuksan ang Pag-aaral sa Kurso?

Matapos na magkilanlan ang mga mag-aaral at instruktor, at mailinaw ang organisasyon ng buong mag-aaral na kalahok, iskedyul ng pag-aaral, mga alituntunin at iba apang kaugnay na usapin, handa na para simulan ang pagaaral sa kurso.

Sa pagbubukas ng pag-aaral sa kurso, inililinaw ng instruktor ang layunin ng pag-aaral kung saan naisasakungkreto at naitatakda ang pag-uugnay ng teorya sa praktika at disiplinang bumibigkis sa pag-aaral, balangkas ng kurso na nagbibigay ng masaklaw na tanaw sa daloy at direksyon ng pag-aaral at kabuluhan ng pag-aaral sa kurso na nag-uugnay sa kanilang pang-araw-araw na buhay o pakikibaka ang kanilang pag-aaral.

2. Ang sistematikong pagtalakay sa bawat paksa

Dumadaan sa pangkalahatang proseso ng pagbubukas ng talakayan, pagtalakay sa katawan ng paksa, at sa pagsasara ng talakayan.

a. Pagbubukas ng Talakayan sa Paksa

Mayroong maikling paglalahad sa partikular na layunin ng pag-aaral sa paksa, sa balangkas nito at sa ugnayan ng paksa sa iba pang mga paksa. Dapat na ihanda ang isipan ng mga mag-aaral at kunin ang kanilang interes sa puntong ito.

b. Pagtalakay sa Katawan ng Paksa o Pagpapalawig

- Binibigyan nito ng sapat na paglilinaw ang mga bahagi o kabuuan ng paksa. Dito nakatuon ang bulto ng pag-aaral. Nahahati sa dalawang bahagi:
- paglalahad ng mga prinsipyo o konseptong naglilinaw sa pangunahing punto ng paksa ayon sa balangkas at nilalaman nito
- pagpapalawig ng talakayan kung saan tinitiyak na magkaroon ng sapat at mas malawak na pag-unawa ang mga mag-aaral sa prinsipyo o konseptong pinag-aaralan
- pagsasara ng paksa na ginagawa kung may narating nang pagkakaisa ang lahat sa buong paksa at sapat na ang pagpapalawig sa lahat ng bahagi ng naturang

2. Ang mga Paghahanda ng mga Mag-aaral Bago ang Pag-aaral

- Maglunsad ng mga konsultasyon sa para sa paghahanda sa pag-aaral. Dito maaaring maganap ang pagkuha ng impormasyon hinggil sa mga mag-aaral, pagtatakda sa pinakamainam na lugar, araw at oras na maaaring ilunsad ang pag-aaral, paglutas sa mga sagka sa pagdalo sa pag-aaral katulad ng di-pagpayag ng magulang, pinansya at iba pang gawain at paghahandang teknikal.
- Bigyan ng oryentasyon ang mga mag-aaral sa pag-aaral na ilulunsad. Maaring lamanin ng oryentasyon ang paglilinaw ng mga pangkalahatang layunin, balangkas ng kurso, pagkuha ng inaasahan ng mag-aaral.
- Makakatulong kung may kopya ng teksto o mga sanggunian ng pagaaral ang mga mag-aaral upang makapaglaan sila _ ng panahon sa pagbabasa.
- Paghandain ang mga mag-aaral ng katanugan o puntong nais malinawan sa aktwal na pag-aaral.
- Paghandain din sila ng mga posibilidad na maaring maganap sa pagaaral kagaya ng seguridad, lugar, sapat na damit at pera.

B. Pangangasiwa sa mga Gawain sa Pag-aaral

Nakapaloob dito ang mga aktibidad na may direktang kaugnayan sa mahusay na pagtakbo ng pag-aaral labas pa sa aktuwal na pag-aaral. Ang mahusay na pagkakaorganisa at pangangasiwa sa lahat ng ito ay makakaambag sa ikatatagumpay ng kolektibong pagaaral. Mahalaga na makuha ng instruktor ang kooperasyon ng mga mag-aaral at iba pang mga kasama upang epektibong matugunan ito.

1. Ang ilan sa mahahalagang bahagi ng pangangasiwa sa gawain sa pag-aaral

- paglilinaw sa mga gawain at organisasyon ng lahat ng dumalo sa pagaaral;
- pagtuturo sa mga mag-aaral ng wastong aktitud sa pagaaral;
- pagpapairal ng demokratikong pamamaraan at lubos na pagbibigaydaan para sa inisyatiba ng bawat kalahok;
- wastong paggamit at pangangalaga sa mga kagamitan sa pag-aaral at pagpapanatili sa kaayusan ng pisikal na kalagayan at kalinisan ng pagdarausan ng pag-aaral
- paggamit ng iba't ibang tipo ng break para mabigyan ng pagkakataong makapagpahinga ang mga mag-aaral at makapagmunimuni sa mga bago at kakaibang kaalaman o konsepto;
- paglilinaw ng mga alituntunin at hakbang para tiyakin ang seguridad;
- pagpapairal ng disiplina sa pag-aaral kapwa ng instruktor at ng mga mag-aaral.

2. Ang kahalagahan ng katitikan

Ang katitikan ang pagsasadokumento ng mga mahahalagang puntong tinalakay sa pag-aaral. Mahalaga ito dahil magsisilbing batayan ito ng pagtatasa pagkatapos ng pag-aaral sa buong kurso. Ginagamit din itong sanggunian sa pagbabalik-aral ng mga instruktor

bawat balangay at tuloy-tuloy silang sinasanay sa pamamagitan ng mga IT (Instructor's Training). Kadalasan, tinitipon ang mga instruktor at mga sinasanay maging instruktor sa komite ng edukasyon ng balangay.

Dapat ding tiyaking sapat ang bilang ng mga babasahin at mga praymer na kailangan ng balangay sa pag-aaral. Kung kaya, mainam na magkaroon ng library ang balangay kung saan nakatipon ang lahat ng mga kinakailangang dokumento sa pag-aaral at pagtuturo. Engganyuhin din nating magbasa ang mga kasapi.

Palagian dapat na tinatasa ng balangay ang gawain nito sa ED. Kailangang sipat ng opisyal sa edukasyon kung ilan ang mga napatapos na mga pag-aaral at ilan pa ang mga kailangan pang patapusin. Dapat ay agad na tukuyin ang mga suliranin, kung mayroon man, sa pagpapatapos ng pag-aaral sa hanay ng mga kasapi at masa ng sa gayon ay paparami at papalalim ang gawaing edukasyon sa balangay. Tukuyin naman ang mga tagumpay at paunlarin ang mga mahuhusay na pamamaraan ng balangay sa masiglang gawaing edukasyon.

Gayundin, dapat ay nagbabalangakas ng mga pag-aaral na tutugon sa mga usapin sa pang-araw-araw na pagkilos at pratika ng pag-oorganisa ng balangay. Sa tuwing may mga kinakaharap na mga usapin o mga tanong ang balangay o maging mga indibidwal na kasapi, sikaping magdaos ng mga pag-aaral na tutugon dito. Dapat ay engganyuhin din nating magtanong palagi ang mga kasapi upang mapalalim ang kanilang kaalaman at pagsusuri sa linya at paninindigan ng organisasyon. Ugaliin din ang paglulunsad ng mga talakayan bago simulan ang mga pulong ng balangay.

IBA'T IBANG PAMAMARAAN NG PAGLULUNSAD NG PAG-AARAL

Paunlarin din ang iba't ibang porma at pamamaraan ng pagpapasaklaw ng mga pag-aaral batay sa kongretong kalagayan. Ilan sa mga mungkahing pamamaraan ang mga sumusunod:

- Mga forum o symposium para sa mas masaklaw at maramihang pagpapaabot ng impormasyon hinggil sa mga isyu;
- Alternatibong Klase (AKLAS) sa mga paaralan at kolehiyo;
- Magpatawag ng mga study meetings, maaaring bigyan ng mga "homework" ang mga kasapi;
- Ugaliin ang pag-aaral, maglunsad ng mga habits (hal. Wednesday habit, 4pm habit, etc.) na kung saan regular na magdadaos ng mga talakayan;
- Palaganapin ang maramihang mga impormal na mga talakayan, kwentukwentuhan, debate, at iba pang pamamaraan para mapalaganap ang linya at pagsusuri;

- Magpalaganap ng mga bidyo at iba pang mga pangkulturang pagtatanghal, katulad ng mga dula, awit, tulaan, rap, at iba pa.
- Magdaos ng mga “live-in” ED’s para sa mga matatagal at konsentradong pag-aaral,
- Regular na magdaos ng mga integrasyon sa komunidad, pagawaan, kanayunan;
- Maglunsad ng mga youth at summer camps at mga education festivals para sa maramihang pag-aaral;
- Maglabas ng mga journal, polyeto, zine, at iba pa, na nagkakampanya ng mga pag-aaral.

a. Panimulang pagkilala sa mga mag-aaral
Isinasagawa ito upang magkaroon ng sapat na datos at kaalaman hinggil sa katangian at kalagayan ng mga mag-aaral upang maiakma ang pag-aaral. Ang mga mungkahing datos na dapat makuha mula sa mag-aaral ay ang pangekonomyang katayuan, uring pinagmulan, inabot na edukasyon sa loob at labas ng organisasyon at kilusan at wikang ginagamit. Kasama rin dito ang mga karanasan sa organisasyon na may kaugnayan sa pag-aaral na ilulunsad, at mga suliraning kinakaharap nito o ng mag-aaral na may kinalaman sa ilulunsad na pag-aaral.

b. Paglikom at pagbasa ng mga materyales para sa pag-aaral
Kabilang dito ang paghahanda sa teksto at iba pang kaugnay na babasahin tulad ng sanggunian, praymer, gabay sa pag-aral. Ang mga ito ay maaaring ibahagi sa mga mag-aaral.

c. Paghahanda ng Lesson Plan
Ang lesson plan ay isang sistematiko at nakasulat na plano ng instruktor na nagsisilbing gabay niya sa pagpapadaloy ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng lesson plan, matitiyak ng instruktor ang masinop at sistematikong pag-unawa niya sa layunin ng pag-aaral, sa mga paksang tatalakayin at mahahalagang puntong dapat diinan sa pag-aaral. Makatutulong din ito upang maiwasan ang pag-aaksaya ng panahon at kalituhang dulot ng kakulangan ng paghahanda. Ang lesson plan ay batay sa katangian at layunin ng pag-aaral na ilulunsad, sa impormasyon hinggil sa mag-aaral, at sa mga aral na nahalaw mula sa mga naunang karanasan sa paglulunsad ng gayunding pag-aaral.

Ang nilalaman ng lesson plan:

- Paksang Tatalakayin. Dito sinusulat ang balangkas ng buong pag-aaral ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod;
- Pangkalahatang layunin ng buong kurso ng pag-aaral na gabay para matiyak na ang lahat ng paksang ipapaloob sa balangkas ng pag-aaral ay naglilingkod para makamit ang itinatakdang layunin at particular na layunin upang matukoy ang papel ng partikular na paksa para sa hakbang-hakbang na pag-aabot sa itinatakdang pangkalahatang layunin ng buong kurso;
- Mahahalagang puntong dapat diinan sa pagtalakay;
- Pamamaraang ginagamit sa pagtalakay na inaasahang angkop at makatutulong sa mas mabilis na pag-unawa sa mga paksa, kasama ang paghahanda ng mga halimbawa para sa paglilinaw at pagpapalawig at paghahanda sa mga posibleng katanungan at ideyang susulpot sa talakayan at paggawa ng mga tulong sa pag-aaral at biswal batay sa nakatalang punto at paraang gagamitin sa pagtalakay ng paksa o punto;
- Oras na kinakailangan na magagamit (batay sa karanasan) sa pagtataya ng bawat mahahalagang paksa. Kinakailangang magkaroon ng maayos na pagkakahati-hati ng oras ang bawat paksa ng kurso upang matiyak na ang mahahalagang punto ng kurso ay nabibigyan ng sapat na oras ng pagtalakay.

padaliin, pagaanin at sinupin ang pagtuturo at ang buong pagaaral mismo. Sa pamamagitan nito, higit na magiging mabisa ang pagtuturo at mas mabilis matuto ang mga mag-aaral. Pinasisimple nito ang pagtuturo dahil nailalahad ang mga prinsipyo, konsepto datos, at iba pang mga punto sa paraang mas madaling maintindihan at matandaan ng mga mag-aaral. Naiiwasan nito ang pag-aksaya ng panahon sa pagsusulat sa pisara at pagdidikta. Napapasinop nito ang pagtuturo dahil natitiyak ng instruktor na naihahanda nang kumpleto at wasto ang mga punto o datos at napahuhusay ang porma ng presentasyon.

a. Mga Tipo ng Gamit-Pantulong sa Pagtuturo

- Mga nailimbag na materyales, mga teksto, mga suplementong material tulad ng lesson plan, mga sangguniang libro, pamplet, gabay sa pagaaral o study outline, at iba pa;
- Mga Tulong Biswal na nagsisilbing daluyan para sa organisadong presentasyon ng mga ideya o puntong tinatalakay;
- Mga pantulong teknikal tulad ng audio aids at multi-media aids tulad ng video, slides, overhead projector at powerpoint sa mga pag-aaral.

b. Ilan sa mga halimbawa ng tulong biswal na maaaring gamitin

- Ang Audio-Visuals ay gamit-pantulong sa pag-unawa sa pamamagitan ng paningin at pandinig kagaya ng video tape o slide show at powerpoint presentation;
- Ang mga Biswal naman ay gamit-pantulong sa pag-unawa na para sa paningin lamang, kagaya ng mga poster, larawan, flip-charts, drawing,projector.

2. Katangian ng Epektibong Gamit-Pantulong sa Pagtuturo

- Kaya nitong ipaliwanag ang isang abstraktong ideya, nagpapakita ng kongkretong halimbawa o sitwasyon, nagpapakita ng relasyon ng mga punto sa isa't isa o kaya'y pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa isang proseso;
- May sapat na sukat na makikita ng bawat isa at nakasulat nang malaki at bold upang madaling basahin;
- Ang dami ng isusulat ay nararapat na limitado lamang sa mga termino na kayang unawain ng mag-aaral;
- Ang mga mahahalagang bahagi ay nararapat na bigyan ng pansin sa pamamagitan ng pagguhit ng matingkad na kulay;
- Madaling dalhin.

III. MGA HAKBANG SA PAGLULUNSAD NG PAG-AARAL

A. Paghahanda ng Pag-aaral

1. Anu-ano ang mga paghahanda ng instruktor para sa pag-aaral?

GABAY SA GAWAING EDUKASYON AT PAGTUTURO SA ILALIM NG PADEPA

Sa diwa ng pagpapahalaga ng League of Filipino Students sa gawaing edukasyon at sistematikong pagpapataas ng teoretikal na kamulatan ng mga kasapi at masang estudyante sa ilalim ng Pambansa Demokratikong Paaralan (PADEPA), inilalathala ang 'Gabay sa Gawaing Edukasyon at Pagtuturo sa ilalim ng PADEPA' ng Pambansang Komite sa Edukasyon. Hangarin ng kursong ito na makatulong sa epektibong pagbibigay ng pag-aaral sa mga kasapi lalong-lalo na sa opisyal at komite sa edukasyon at mga instruktor ng mga kurso ng PADEPA. Sa pamamagitan nito, mahihikayat at mapadadali ang paghuhubog ng mga bago at paparaming bilang ng mga instruktor at pagpapaunlad ng Komite sa Edukasyon mula sa ating hanay. Bilang epekto, mas mabilis at malawak nating maipatatagos ang Pambansa Demokratikong linya at makamasang kaisipan sa mga estudyante at mamamayan. Minumungkahi na katulad rin ng 'Gabay sa Pagbubuo at Pagpapagana ng Balangay', regular na ilunsad ang pag-aaral nito para sa patuloy na pagpapalaki ng mga kuwerpo ng instruktor.

Ito ay maaaring ibigay sa loob ng anim hanggang walong oras batay sa bilang ng mga sinasanay na instruktor. Kinakailangang makakuha muna ng pag-aaral ng Oryentasyon ng Padepa ang mga sasanayin o kukuha ng kursong ito. Ang anumang mga komento hinggil sa nilalaman at balangkas ng kurso ay maaaring ipaabot
upang lalo pa nating mapaunlad ang pag-aaral.

Napakahalaga ng pagsubaybay at pagpapaunlad sa gawaing ito para sa sustenidong pagpapalaganap ng Pambansa Demokratikong kamulatan at ideolohiya. Nangangailangan ng patuloy na pananaliksik at pagpapatalas ng mga aralin. Ang Opisyal sa Edukasyon, katuwang ang Komite sa Edukasyon, ang pangunahing tagapangasiwa sa gawaing ito.

Layunin ng pag-aaral na ito ang maibigay sa mga kumukuha ng kursong ito ang:

1. Pag-unawa sa mga batayang prinsipyo sa gawaing edukasyon at gawaing pagtuturo
2. Pag-unawa sa mahalagang tungkulin ng isang instruktor

3. Pag-alam sa iba't ibang pamamaraan at teknik sa pagtuturo

I. GAWAING EDUKASYON

A. Konsepto ng Gawaing Edukasyon

1. Ano ang Gawaing Edukasyon?
Ito ang pormal, konsentrado at sistematikong pag-aaral sa buhay at karanasan ng masa at ang kaugnayan nito sa lipunang kanyang ginagalawan. Ito ay pormal — may tiyak na paksang tinatalakay at may partikular na layunin, sistematiko — may gumagabay na prinsipyo at nakabalangkas ng maayos ang daloy ng papaksain, at konsentrado — nakatutok sa isang organisadong pwersa at naitakdang paksa.

Ito ay isang kolektibong gawain. Kolektibong pag-aaral ng parehong mag-aaral at instruktor. Ang mag-aaral ay natututo sa instruktor, ang instruktor ay natutuo sa mag-aaral at ang mga mag-aaral ay natututo sa kapwa mag-aaral.

2. Ano ang kahalagahan ng gawaing edukasyon sa pagsulong ng pambansa demokratikong pakikibaka?

- Nagbibigay ito ng wastong pagsusuri sa kalagayan ng lipunang Pilipino, ang ugat ng mga suliranin ng mamamayan, at ang mga paraan ng paglutas nito.
- Mahalaga ito dahil mulat na pagkilos ang kailangan sa rebolusyon. Mapanganib para sa masa at sa pambansa demokratikong pakikibaka ang kilos na ipinapaubaya sa tsamba o pagbabaka-sakali.
- Ibinibigay ng pag-aaral ang mahahalagang gabay sa ating pagkilos. Hindi lamang nito itinuturo ang wastong landas ng rebolusyonaryong pakikibaka, ibinibigay din nito ang kagyat at partikular na gabay sa araw-araw nating pagkilos.
- Inilalagay nito sa matibay at wastong pundasyong teoritikal ang paglahok ng masa sa Pambansa-Demokratikong Pakikibaka.
- Tinitiyak nito na mapagpalaya ang pagtingin ng masa sa mga pagkilos at paglutas sa mga suliranin ng bayan.
- Iniuugnay nito ang mga kilusan ng bawat pinagsasamantalahan at inaaping uri at sektor sa isa't isa at sa buong Pambansa-Demokratikong Kilusan.

B. Mga Batayang Prinsipyo sa Gawaing Edukasyon

1. Anu-ano ang tatlong mahahalagang salik sa pag-aaral?
May tatlong importanteng salik ang anumang pag-aaral: ang paksa na nagbibigay ng kaalaman at impormasyon, ang mag-aaral na tumatanggap ng kaalaman, at ang instruktor na nagsisilbing tulay para sa pag-uugnay ng mga nilalaman ng paksa tungo sa mag-aaral. Hindi mapaghihiwalay ang tatlo dahil sila ang bumubuo ng proseso ng edukasyon.

2. Tanong-sagot
Mas simple ang pamamaraang ito at angkop sa mga maliitang talakayan o discussion groups sa loob ng balangay o sa ibang organisasyon. Mainam din ang pamamaraan ito sa pagtalakay ng mga praymer at mga issues. Epektibo ito sa pagkuha ng atensyon, pagpapasigla ng pag-iisip ng mga mag-aaral, at pagsubok sa kaalaman at pag-unawa.

Dapat tandaan ang mga sumusunod:

- Ang mga tanong ay dapat malinaw at mabibigyan ng sapat na panahon upang marinig at maunawaan ng mag-aaral. Hanggat maari, iwasan ang pag-ulit ng mga tanong;
- Alamin kung may nais silang itanong. Kung wala silang tanong, sila ang tanungin;
- Ang mag-aaral na may maling sagot ay dapat mahimok sa pamamagitan ng komentaryong "halos tama" "medyo tama" "may bahaging tama," "pag-isipan mo pa ang iyong sagot at muling subukan;"
- Hingin ang kumpletong sagot;
- Kung tahimik ang isang mag-aaral sa tanong, lumipat sa iba at sabihing pag-isipan pa niya at babalikan siya maya-maya.

3. Basa-Talakay
Ito ang paraan na nagbabasa ng mga pangunahing teksto nang baha-bahagi, pagtalakay at pagpapaliwanag dito. Ito ay maaaring ilakip sa paraang lektura. Ang paraang ito ay angkop kung nagnanais magpalalim sa isang piling bahagi ng teksto dahil ito ay mahalaga at nais tiyakin ang pagsapol sa punto.

Kailangang maging kaiga-igaya rin ang pamamaraang ito at hindi dapat kumain ng malaking bahagi ng pag-aaral. Bigyan ng malinaw na interpretasyon at paliwanag ang binasang teksto.

4. Palihan o workshop
Ang pamamaraang ito ay ginagamit sa maliitang mga grupo. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng maikling direksyon o case study sa bawat grupo na malapit sa karanasan nila. Ginagamit ito para sanayin ang mga mag-aaral sa kolektibong pag-iisip. May itinatalagang mamumuno sa talakayan sa bawat grupo at pagkatapos ay ilalahad sa lahat ang napagkaisahan ng bawat grupo.

5. Mga Malikhaing Porma
Ilan pa sa mga pamamaraang maaaring gamitin at makatutulong upang mapasigla ang pag-aaral ang tulad ng dula dulaan, bugtungan, tula, awit, salin awit at iba pa.

E. Mga Gamit Pantulong sa Pagtuturo o Teaching Aids

1. Ang Gamit Pantulong sa Pagtuturo
Ang mga pantulong sa pagtuturo ay mga kasangkapang ginagamit para pasimplehin,

Mga Pamamaraan

1. Lektura
Sa mga lektura, ang nilalaman ng paksa ay inilalahad at ipinaliliwanag at ang pangunahing ideya o puntong nakapaloob dito ay sapat-sapat na pinapalawig ayon sa balangkas ng paksa. Nakabatay pangunahin sa pananalita at
paglalarawan. Nasa porma ito ng malakihang talakayan bilang forum at alternative class.

Nakapagpapatalas ito sa pagdidiin sa pinakapangunahing mga punto ayon sa partikular na katangian at pangangailangan ng mag-aaral. Iniuugnay nito ang prinsipyo sa kalagayan at karanasan ng mag-aaral. Inililinaw nito ang wastong relasyon ng mga pangunahing punto at mga sekundaryong punto. Maaaring baguhin nito ang paglalahad at paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral at paggamit ng halimbawa batay sa itinatakbo ng pagpapaliwanag at talakayan upang maging epektibo ang pagtuturo.

Mga pamamaraan upang maging malinaw ang talakayan:

- Paglalarawan o pagbibigay depinisyon;
- Paghahambing o pag-iiba;
- Paghahalimbawa upang idiin ang kahalagahan ng isang prinsipyo, maisakongkreto ang mga abstraktong termino prinsipyo, ilarawan ang aplikasyon sa isang prinsipyo, paano susuriin ang isang bagay o pangyayari at ipakita ang prosesong ilarawan;
- Paggamit sa istatistika, graphs at table;
- Paggamit sa mga Audio Visual Tools tulad ng power point presentation, video o film showing.

Ilang punto sa epektibong lektura (teknik sa lektura);

- Kunin ang atensyon ng lahat bago magsimula;
- Tiyaking nakaayos na sa pwesto at tahimik ang mga mag-aaral at ang paningin ng mag-aaral ay nakapokus na sa harapan o sa instruktor;
- Magbigay ng kaukulang pansin sa epektibong paggamit ng boses. Iwasan ang isang tono ng boses. Iayon ang tono ng boses batay sa nais na bigyang diin ng punto;
- Panatilihing maingat sa pananalita at palagiang magkaroon ng eyecontact sa mga mag-aaral;
- Sikaping mapalahok ang karamihan kung hindi man ang lahat, sa talakayan;
- Gumamit ng simpleng paraan at lengguwahe sa paglalahad ng prinsipyo upang madaling maunawaan ng mag-aaral;
- Balangkasin ang paliwanag at ihanay ang mga punto (enumeration).

Ngunit ang instruktor at mag-aaral ang dinamikong mga aspeto ng pag-aaral. Nakasalalay sa dalawa ang tagumpay ng pag-aaral. Ang mag-aaral ay dapat natututo sa instruktot, ang instruktor ay natututo sa mag-aaral at ang magaaral
ay natututo sa kapwa niya mag-aaral. Gayun pa man, nakasalalay ng malaki sa kaalaman at kasanayan ng instruktor
ang ikatatagumpay ng pag-aaral. Sa kabilang banda nama'y kinakailangan ring gusto at handa ang mga mag-aaral na matuto. Kaya't napakahalaga ng pagtutulungan at mahigpit na pagkakaisa ng instruktor at mga mag-aaral upang matiyak na matagumpay ang pag-aaral.

2. Ano ang mga batayang prinsipyo sa gawaing edukasyon?
a. Pag-uugnay ng teorya sa praktika
Teorya
Ito ay ang grupo ng magkakaugnay na mga ideya, pananaw, konsepto o prinsipyo na nahalaw sa karanasan at pagtatasa sa tunay na buhay.

Praktika
Ito ay ang mga pagkilos at pagsasagawa ng mga hakbangin o paggawa ng isang bagay bilang aplikasyon o pinaghahalawan ng isang kaalaman o teorya.

Ugnayan ng teorya at praktika
Sa pag-aaral, mahalagang maipakita ang kaugnayan ng mga teoryang tinatalakay sa aktuwal na buhay at karanasan ng mga mag-aaral. Gayundin, dapat magabayan ng wastong teorya ang pagsusuri sa mga praktikal at aktuwal na suliranin at usaping kinakaharap ng mga estudyante at mamamayan. Hindi sapat na matalakay lamang ang mga prinsipyo at konsepto. Mahalagang magkaroon ng mga kongkretong halimbawa o pagsasalarawan ang instruktor batay sa karanasan ng mag-aaral. Dito nagiging malinaw at lapat sa buhay na karanasan ng magaaral
ang mga abstraktong teorya.

b. Mula sa masa tungo sa masa
Mula sa masa
Ang pag-aaral sa lipunan ay walang ibang dapat na paghalawan ng teorya kundi ang abanteng karanasan ng masa. Ito ay itinatakda mula sa aktwal na pangangailangan ng masa.

Tungo sa masa
Ang mga aral mula sa karanasan ng masa ay tinitipon at kinikinis, at muling ibinabalik sa masa upang magamit at magabayan ang kanilang pakikibaka, pagkilos at praktika.

c. Demokrasyang pinapatnubayan ng disiplina
Isang demokratikong aktibidad at proseso ang pag-aaral. Lahat ay may karapatang magpahayag ng sariling opinyon umaayon man o sumasalungat sa opinyon ng iba.

Lahat ay may karapatang magsalita, subalit nakasentro dapat sa paksang tinatalakay at hindi sabay-sabay upang magkaintindihan. Dapat bigyan ng sapat na panahon at atensyon ang bawat isa na nagnanais mag-ambag ng ideya sa paksang pinag-uusapan upang matapos niya ang nais nyang sabihin. Ang anumang pagtatalo ay di dapat mauwi sa personal na alitan. Ang ideya ang magkatunggali hindi ang mga mag-aaral.

II. GAWAING PAGTUTURO

A. Gawaing Pagtuturo

Ang Gawaing Pagtuturo ay ang epektibong pagbabahagi ng kaalaman sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang pamamaraan upang maipaabot sa mag-aaral ang nilalaman ng paksang tinatalakay. Ito ay isang paraan ng paglalatag ng mga ideya at usapin na nagsisilbing gabay para sa malusog na talakayan.

Bahagi rin nito ang panghihikayat sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang pagsusuri at pagtingin sa isang usapin o paksang pinag-uusapan upang tumungo sa isang mas malalim na mga pagtingin at pag-unawa.

B. Papel ng Instruktor

Ang instruktor ang gumaganap ng namumunong papel sa kolektibong pag-aaral. Siya ang pangunahing naglilinaw sa nilalaman ng mga paksang pinag-aaralan, nagbibigay direksyon at tagapagpadaloy sa talakayan.

1. Ano ang mga tungkulin ng instruktor?

a. Pagtitiyak ng pagkamit ng layunin ng pag-aaral;
b. Pagtitiyak ng pagbuo ng pagkakaisa sa pananaw at paninindigan sa mga usapin ng lahat ng kalahok;
c. Pagtitiyak na may naibalangkas na mga patakaran para sa pag-aaral at naipapatupad ito.

2. Anu-ano ang mga katangian at aktitud ng isang Instruktor?

Kinakailangang taglayin ng instructor ang pagiging mapagkumbaba, matapat sa pag-aaral, bukas sa opinyon at ideya ng iba, mapagkaisa at mapanghikayat sa ambag na partisipasyon, masinop, disiplinado at responsable sa gawain. Dapat ding taglayin at paunlarin ng isang instruktor ang pagkakaroon ng:

- malawak na kaalaman sa paksang pinag-aaralan;
- kakayahan sa paggamit ng Iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo;
- karanasan at pag-alam sa pakikibaka ng mga kabataan at mamamayan;
- kakayahang unawain ang mga mag-aaral.

C. Kuwerpo ng Instruktor

Ang kuwerpo ng instruktor ang grupo ng mga tagapagturo o tagapagtalakay sa mga pag-aaral. Nagmumula ang kalakhan nito sa Komite sa Edukasyon. Sa minimum, nararapat ang isa sa bawat sesyon ng isang kurso. Sa minimum ang kuwerpo ng instruktor ay dapat buuin ng dalawang indibidwal. Ang isa ay tumatayong prinsipal na instruktor (mas may karanasan), ang isa nama'y sekundaryong instructor (baguhan o hinahasa).

1. Ang kahalagahan ng kolektibong pagtuturo

Matitiyak ng kolektibong pagtuturo ang mahusay at magaang na pagdadala ng pag-aaral. Mabigat at nakakapagod para sa isang instruKtor ang mag-isang humawak sa pag-aaral kayat makakasagka ito sa epektibong pagtuturo. Sa pamamagitan ng kolektibong pagtuturo, makapagtutulungan ang mga instruktor sa pagpapalawig at pagsagot sa mga katanungan, at magkakaroon ng pagkakataon na magabayan at matulungan ang mga sinasanay na instruktor sa pamamagitan ng pagiging sekundaryong instruktor nila.

2. Mga dapat gawin ng kuwerpo ng instruktor:

- Bago pa man ang pag-aaral, nakapaghati na dapat ng mga paksang tatalakayin at nagkaisa hinggil sa partikularidad ng pag-aaral na gaganapin, katangian ng mga mag-aaral, partikular na layunin at pagdadala sa pag-aaral.
- Patingkarin ang mahigpit na pagtutulungan ng mga instruktor sa buong proseso ng pag-aaral sa kurso. Maaaring magkonsultahan pana-panahon upang paghandaan ang pag-aaral.
- Ang mga sekundaryong instruktor ay dapat tumulong sa pangangasiwa sa pag-aaral at sa pagbibigay ng dagdag na pagpapalawig sa talakayan.

D. Mga Pamamaraan at Teknik sa Pagtuturo ng Padepa

Ang pamamaraan sa pagtuturo ay daan o paraan para sa epektibong pagpapadaloy ng kaalaman tungo sa mga mag-aaral. Sa tulong nito, napapadali ang pagsapol ng mga mag-aaral sa mga pinag-aralan. Kailangang magamit ng instruktor ang mabisang pamamaraan sa pagtuturo. Karaniwang kinakailangan ang kumbinasyon ng iba't ibang pamamaraan at teknik sa pagtuturo. Ang pagpili ng anyo ng pamamaraang gagamitin ng instrukor sa isang kurso ay nakabatay sa:

- partikular na layunin ng pag-aaral, na magtatakda ng daloy at gabay sa pagkamit ng layunin;
- paksang tatalakayin (kalikasan ng paksa) ang gagamiting pamamaraan;
- katangian ng mga mag-aaral. Pangunahing konsiderasyon ang kanilang uring pinagmulan, abilidad, interes at pangangailangan.

Masusukat kung epektibo ang ginamit na pamamaraan ng instruktor kung nakukuha nito ang sustenidong atensyon at interes ng mga mag-aaral, nahihikayat ang kanilang partisipasyon sa talakayan at napapasigla ang kanilang pag-iisip at pagsusuri.